JW.ORG™

I-download ang PDF na ito sa www.jw.org/tl

“Pakikinig” sa Sign Language!

Marunong ka bang kumanta?

Kaya mo bang awitin ang “Sambahin si Jehova sa Panahon ng Kabataan,” awit bilang 41, sa aklat na *Umawit kay Jehova?* Hanapin ang awit na ito sa iyong sariling songbook, o i-download ang lyrics nito mula sa jw.org/tl. (Tingnan sa PUBLIKASYON > AKLAT AT BROSYUR.) Ang lyrics ng awit na ito ay nagpapaalala sa iyo na parangalan ang iyong mga magulang at sundin ang Diyos na Jehova.

Alam mo ba kung paano umaawit ang mga bingi?

Gumagamit sila ng sign language. Panoorin ang awit na “Worship Jehovah During Youth” sa American Sign Language sa jw.org. (Tingnan sa PUBLICATIONS > SIGN LANGUAGE. Piliin ang American Sign Language.) Tingnan kung mahuhulaan mo ang ibig sabihin ng ilan sa mga senyas.

▶ **SUBUKAN NAMAN ITO:** Papiliin ang isang miyembro ng pamilya ng paborito niyang teksto mula sa Kristiyanong Griegong Kasulatan (Mateo hanggang Apocalipsis). Sama-samang basahin ang teksto, at saka ito “ipabasa” sa isa pang miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng senyas. Pagkatapos, panoorin kung paano isinesenyas ang tekstong ito sa American Sign Language sa jw.org. (Tingnan sa PUBLICATIONS > SIGN LANGUAGE. Piliin ang American Sign Language.) Naiintindihan mo ba?

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania